# Kahirap

*Joseph C. Eco, EdD*

Ang hirap pala maging guro,
Ang hirap magsalita sa harap ng mga inosenteng kaluluwa.
Mangilan man ang hindi, malinaw na marami.
Ang hirap pala maging guro.
Nagsusulat sa mahabang pisarang blangko,
Pilit pinupunan ng mga salitang nais itanto
Isinasatitik ang mga letra ng mga salitang
Nagpapahiwatig ng pagkatututo.
Mahirap pala ang maging guro.
Ngayon ko lang napagtanto
Na higit sa pagiging guro ay mistulan kang bukal
Na naglalaman ng karunungan at may layong
Pawiin ang uhaw ng pagkamangmang.